# Kahulugan ng Icon ng Ating Ina ng Laging Saklolo

Mga Bahagi ng Icon







Kapag tayo ay tumitingin sa icon, ang unang makikita natin ay si Maria sapagkat siya ang pinakamalaking bahagi ng larawan. Ang pinakahigit na nakakatawag pansin sa atin kay Maria ay siya’y nakatitig sa atin—hindi kay Jesus, hindi sa langit, at hindi sa mga anghel sa ibabaw ng kanyang ulo.  Siya’y nakatitig sa atin na wari baga’y may labis na mahalaga siyang sasabihin sa atin. Ang kanyang mga mata ay seryoso at malungkot at tila baga’y humihingi ng ating pansin.




Kung titingnan natin ang icon sa anumang angulo, ang mga mata ni Maria ay nakatitig sa atin, nag-aanyaya na pumasok tayo sa mysteryo ng icon. Ang mga mata ni Maria ay ang pintuan ng ugnayan ng buhay natin dito sa lupa at buhay kaluwalhatian doon sa langit.



Ang mga mata ni Maria sa Icon ay ang tulay sa pagitan ng ating buhay at sa walang hanggang buhay ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga mata ni Maria, tayo ay kanyang inaanyayahan na maging bahagi ng icon, na tayo ay makilahok sa icon sa pamamagitan ng pagtulad sa kanya sa pagiging di makasarili. Ang mensahe ni Maria sa icon ay hindi tayo ang sentro; tayo ay bahagi ng misyon ng Diyos.




Malungkot din ang titig sa atin ni Maria sapagkat nakikita ni Maria ang kalunos-lunos na kalagayan ng ating buhay dito sa mundo. Damang-dama ni Maria ang hirap at pasakit na dinaraanan natin sa pang-araw-araw na buhay. Samakatuwid ang kanyang titig ay titig ng awa at habag.



Ang bibig ni Maria ay maliit sapagkat ito ay napanibago na sa kanyang makalangit na kaanyuan; di na nya kailangan ang makamundong pagkain.  Ito ay nakatikom sapagkat ang panalangin ay nangangailangan ng katahimikan at taimtim na pagtuon sa Diyos.



Ang ilong na mahaba at payat ay nagpapahiwatig ng karangalan. Hindi na ito nahahalima sa mga bango ng mundo kundi kay Kristo na lamang at sa mapagbigay-buhay na hininga ng Banal na Espiritu.



Ang mga tainga na di gaanong binigyan ng pansin at halos nakatago sa ilalim ng belo ay nagpapahiwatig na hindi na ito naakit sa mga tunog ng mundo kundi sa mga salita at utos ng Diyos.



Ang mataas na noo ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan ng espiritu at karunungan na sumasalamin sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos.




Ang walong-tulis na bituin sa noo ni Maria ay nagpapahiwatig na si Maria ay ang bituin na gagabay sa atin patungo kay Jesus. Tunay nga na si Maria ang “Bituin sa Dagat” na taglay ang liwanag ni Kristo sa gitna ng ating madilim na mundo.  Ang bituin ay gagabay sa atin patungo sa ligtas na daungan sa langit.






Ang mga pangunahing letra sa magkabilang panig ni Maria ay ang mga Griyegong letra MP-ΘY (Meter Theou) na ang ibig sabihi'y "Ina ng Diyos".





Ang mga pangunahing letra sa magkabilang panig ni Maria ay ang mga Griyegong letra MP-ΘY (Meter Theou) na ang ibig sabihi'y "Ina ng Diyos".




Ang kanang kamay ni Maria ay hindi nakahawak sa kamay ni Hesus kundi nakaturo kay Hesus na nagsasabing “Sundan ninyo Siya: Siya ang Manunubos!”




Ang kaliwang kamay ni Maria ay mapagmahal at mapag-arugang nakahawak kay Hesus.



Ang anghel sa kanan ay si San Gabriel na may hawak na krus at mga pako, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.



Ang anghel sa kanan ay si San Gabriel na may hawak na krus at mga pako, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.



Ang anghel sa kanan ay si San Gabriel na may hawak na krus at mga pako, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.



Ang mga Griyegong letra OAΓ (O Arkanguelos Gabriel) sa itaas ng anghel sa kanan ay ibig sabihi’y Ang Arkangel San Gabriel.



Ang anghel sa kaliwa ay si San Miguel na may hawak na sibat at espongha ng mapait na tubig, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.




Ang anghel sa kaliwa ay si San Miguel na may hawak na sibat at espongha ng mapait na tubig, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.



Ang anghel sa kaliwa ay si San Miguel na may hawak na sibat at espongha ng mapait na tubig, nagpapahiwatig sa darating na paghihirap at kamatayan ni Kristo.




Ang mga Griyegong letra OAM (O Arkanguelos Mikael) sa itaas ng anghel sa kaliwa ay ibig sabihi’y Ang Arkangel San Miguel.



Ang mga kamay ng anghel na humahawak sa mga instrumento ng hirap at kamatayan ay nababalot sa belo.  Ito ay katulad ng belo na ginagamit ng mga pari habang kanilang itinataas ang Banal na Sakramento tuwing Benediksyon. Ipinapahiwatig nito na ang hinahawakan ng mga anghel ay lubos na sagrado tulad nang banal na sakramento sa benediksyon.




Samakatuwid ang mga instrumento na hawak ng mga anghel ay di instrumento ng kamatayan at pagkatalo kundi ng buhay at tagumpay. Ang pinakasagradong pangyayari ay ang paghihirap at pag-aalay ng buhay ni Hesus para sa katubusan nating lahat mula sa kasalanan.



Ang mukha ng batang Hesus ay hindi nagpapakita ng isang mukha ng isang bata, kundi ng isang “maliit na binata”; ito ay nagpapahiwatig ng pagka-Diyos at pagka-Tao ni Hesus.




Ang mga mata ni Jesus ay di nakatingin kay Maria kundi sa itaas, sa kawalan. Ang mga mata ni Hesus ay nakatingin sa Diyos Ama na may halong lungkot at pag-asa. Ang krus ay magdudulot ng hirap at pasakit subalit ito rin ang magdadala sa kaluwalhatian ng buong sangkatauhan sa darating na panahon.




Ang mga Griyegong letra IC-XC (Iesus Xristos) sa kanan ng ulo ni Hesus ay ang mga letra para sa “Hesus Kristo”.



Ang mga kamay ni Hesus ay tila pumipisil sa mga mga kamay ni Maria. Ito’y sagisag ng pagiging tao ni Hesus na dahil sa kanyang takot ay inilagay niya ang kanyang buhay dito sa mundo sa kamay ni Maria.



Ang muntik nang mahulog na sandalyas sa paa ni Hesus ay nagpapahiwatig ng pagkatakot ni Hesus habang nakatitig sya sa mga instrumento ng paghihirap at kamatayan na hawak ng mga anghel kung kaya't siya'y tumakbo sa Ating Ina.




Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging totoong tao ni Hesus.  Sa kabilang banda, ang muntik nang mahulog na sandalyas ay nagpapakita rin ng pagka-Diyos ni Hesus; si Hesus ay di nakatali sa mga pagkagapos ng mundo.  Sa ganitong pananaw, ang sandalyas na suot ni Hesus sa kabilang paa ay sagisag ng pagiging totoong tao ni Hesus.



Ang tila namamagang leeg ni Maria at Hesus ay sagisag ng paghinga; ito ay nagpapahiwatig ng kapunuan ng Banal na Espiritu kung saan ang kaligtasan ng sangkatauhan ay naganap.




Ang matingkad na asul na kulay ng damit ng Ating Ina ay ang kulay na sinusuot ng mga Ina sa Palestina. Ang pulang panloob na damit ni Maria ay ang kulay na sinusuot ng mga birhen noong panahon ni Hesus. Ang asul at pulang damit ni Maria ay sumasagisag na si Maria ay parehas na Birhen at Ina.




Sa kabilang banda, ang kulay kayumanggi na pang-ibabaw na damit ni Hesus ay nagpapahiwatig ng kanyang pagiging tao.



Ang tunika o pangilalim na damit ni Hesus ay kulay berde na nagpapahiwatig ng kanyang pagka-Diyos. Sa kabilang banda, ang kulay kayumanggi na pang-ibabaw na damit ni Hesus ay nagpapahiwatig ng kanyang pagiging tao.



Ang pulang bigkis ay nagpapahiwatig ng mapagmahal na pag-aalay ni Hesus ng kanyang buhay sa krus para sa ating lahat.



Ang kulay na ginto ay ang dominanteng kulay na sumasakop sa buong Icon. Ang ginto ay kulay na hindi karaniwang matatagpuan sa ating kapaligiran. Ang kulay na ginto ay nagpapahiwatig ng isang lugar na di kayang ibigay ng mundong ito; isang lugar na maaliwalas, mapayapa, maginhawa at maligaya na narito na subalit di natin lubos na makita sapagkat ito’y nakatago.  Ang katuparan at buong pagbubunyag nito ay mararanasan sa katapusan.



Samakatuwid, ang gintong likuran na sumasakop sa buong icon ay sagisag ng langit, na kung saan si Jesus at Maria ngayon ay nananahan.  Ang ilaw ng Langit ay tumatagos sa kanilang mga damit bilang pagpapahiwatig ng makalangit na kagalakan na dala-dala ni Maria at Hesus sa puso ng bawat tao.



Samakatuwid, ang gintong likuran na sumasakop sa buong icon ay sagisag ng langit, na kung saan si Jesus at Maria ngayon ay nananahan.  Ang ilaw ng Langit ay tumatagos sa kanilang mga damit bilang pagpapahiwatig ng makalangit na kagalakan na dala-dala ni Maria at Hesus sa puso ng bawat tao.




Tuwing ipinapaliwanag namin ang icon saan mang pamayanan kami pumunta, isa sa mga katanungan namin ay: Sino ang Laging Saklolo? Ang mabilis na sagot ng mga tao ay si Maria ang Laging Saklolo. Subalit ang muli naming tanong ay kung si Maria ang Ina ng Laging Saklolo, sino ngayon ang Laging Saklolo? Dito mas napagtatanto at napagtutuonan nila ng pansin at pagkaunawa na ang Laging Saklolo ay ang Panginoong Hesukristo.

Sa liwanag nito, ang katagang Laging saklolo sa titulo ng icon ay nagpapahiwatig ng walang patid na biyaya at buhay buhat sa Diyos na nais ipakita sa atin ni Maria. Sa mas malalim na pagkaunawa ang Laging Saklolo ay nagpapahiwatig ng walang hanggang pagpapakita ni Maria kay Hesus na siyang Daan, Katotohanan at Buhay.


MP
ΘΥ
IC XC


ΜΡ
ΘΥ
IC XC